

Ang mga kasangkapan at kagamitan na pinapagana ng baterya ay maaaring pagmulan ng pagsiklab **Hulyo 2023**



Larawan 1. Kagamitang pinapagana ng baterya

Dinadala ng mga tao ang lithium-ion o iba pang aparato na pinapagana ng baterya gaya ng mga tableta, smart phone, at kagamitang walang kable, sa mga pinag-uri-uri na lugar. Ang mga baterya ay mga pinagmumulan ng enerhiya na hindi ligtas na matanggal ang enerhiya. Maaaring hindi alam ng mga empleyado at kontratista na ang mga kagamitang ito ay maaaring pagmulan ng pag-aapoy. Kahit na ang ilang mga aprubadong kagamitan na pinapagana ng baterya ay maaaring masira kung mahulog. Ang isang kagamitan na wastong na-uri para sa isang pinag-uri-uri na lugar, tulad ng isang tableta, ay maaaring gawing hindi angkop sa pamamagitan ng pagkakabit ng hindi naaprubahang mga dagdag na gamit, tulad ng mga headphone.

Bagama't walang naiulat na malubhang insidente sa mga operasyong kemikal mula sa paggamit ng mga kagamitang pinapagana ng baterya, isang sandali lang bago ang isang hindi naaprubahang aparato ay magbibigay ng pinagmumulan ng pag-aapoy para sa isang sunog o pagsabog. Ang paggamit o pagkakaroon ng hindi nauuri na mga de-koryenteng kagamitan sa isang mapanganib na lugar ay dapat ituring na muntikang-mintis, insidente, o isang pagkaantala sa pagpapatakbo ay maaaring naganap kung ang mga kalagayan o sitwasyon ay bahagyang naiiba.

Alam Mo Ba?

- Ang mga kasangkapan na pinapagana ng baterya ay maaaring dalhin sa isang pinag-uri-uri na lugar ng mga teknikong taga-pagpapanatili o kontratista, nagbebenta o mga tauhan ng pang-inhinyero.
- Maaaring gumamit ang mga operaytor sa linya ng mga tabletag pinapagana ng baterya para sa pangongolekta ng datos sa panahon ng mga pag-ikot.
- Gumagana ang mga mas bagong baterya sa mas matataas na boltahe (>12 V) at madaling makagawa ng siklab na sapat na malaki upang mag-apoy ng mga madaling nasusunog na singaw.
- Maraming nasusunog na materyales ang may mababang pinakaliit na enerhiya ng pag-aapoy (MIE). Ang pinakamababang enehiyang pagningas para sa ilang karaniwang nasusunog na materyales ay:

Maramdaman mo ang siklab dahil sa statik na 1 hanggang 10 mJ. Iyon ay sapat na enerhiya upang mag-apoy ang karamihan sa mga nasusunog na materyales at ilang nasusunog na alikabok.

Material	MIE (mJ)
Methane	0.28
Gasoline	0.2-0.3
Methanol	0.14
Hydrogen	0.02

- Ang pagpapalit o pag-alis ng baterya ay maaaring magdulot ng siklab kapag ang mga koneksyon ay konektado o nadiskonekta.
- Ang mga hindi pinag-uri-uri na kagamitan ay maaaring ligtas na magamit sa pinag-uri-uri na lugar KUNG ang mga mainit na gawi sa trabaho ay sinusunod (inspeksyon sa lugar, pagsubok / pagsubaybay para sa mga nasusunog na atmospera, pinirmahang permiso para sa mainit na trabaho, atbp.)

Ano Ang Puwede Mong Gawin?

- Alamin ang klasipikasyon ng elektrikal o mapanganib na lugar para sa mga lugar kung saan ka nagtatrabaho. Kung hindi mo alam, tanungin ang iyong superbisor o isang inhinyero na nakatalaga sa lugar.
- Gamitin lamang ng mga kasangkapan at kagamitan na naaprubahan para sa pag-uuri ng lugar.
- Kapag nakakita ka ng iba na gumagamit ng kagamitang pinapagana ng baterya, tanungin kung ang mga kagamitan ay wastong na-uri. Kung ang mga kagamitan ay hindi wastong na-uri, hilingin sa kanila na ihinto ang paggamit hanggang sa maisagawa ang tamang mga hakbang sa kaligtasan.
- Ang paggamit ng mga hindi naaprubahang kagamitan ay dapat na iulat bilang isang muntikang-mintis o hindi ligtas na paggawa.

Ang mga kagamitan na pinapagana ng baterya ay maaaring magbigay ng mga pinagmumulan ng pagsiklab na nangangailangan ng espesyal na atensyon!